NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

LIWAYWAY

Agosto 16-31, 2019

LATHALAIN

MGA KATUTUBONG WIKA SA PILIPINAS TUNGO SA PAGBUO NG PAMBANSANG PAGKAKAKILANLAN

Ni RICHEL G. DOROTAN

MGA ARGUMENTO SA PAGTANGGAL NG FILIPINO AT PANITIKAN SA EDUKASYONG TERSIYARYA

Ni EFREN R. ABUEG, PhD

EPEKTIBONG PAGTUTURO

ANG KAHALAGAHAN NG PAGGAMIT NG WIKANG PAMBANSA

Ni PAT V. VILLAFUERTE

TULA

TAKIPSILIM

Ni ALLAN POPA

BANTAYOG–WIKA

Larawang kuha

ESM BOOKSTORE
Telefax (02) 905-2351 / 930-9728
CP# 09052849354

MANILA BULLETIN PUBLISHING
9 771165 698142
ISSN 1656-98-14
P40

ng magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

NOBELA

6 **Kasaysayan Ng Kalibutan (4)**
Edgar Calabia Samar

8 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (9)**
Efren Abueg

10 **Higit Na Matibay (32)**
Armando T. Javier

12 **Saka Na Lang Kita Mamahalin (16)**
Neri Jedeliz

MAIKLING KUWENTO

4 **Uban**
Jeng Guansing de Dios

14 **Kung Maging Tayo...**
Armando T. Javier

16 **Ang Ex Ni Rufo**
Rufino C. Crisolo

DAGLI

24 Stefani J. Alvarez

LATHALAIN

26 **Mga Argumento Sa Pagtanggal Ng Filipino At Panitikan Sa Edukasyong Tersiyara**
Efren R. Abueg, PhD

28 **Mga Katutubong Wika Sa Pilipinas Tungo Sa Pagbuo...**
Richel G. Dorotan

30 **May Hinaharap Kaya Ang Wikang Pambansa?**
Lilia Borlongan-Alvarez

KOMIKS

37 **Sa Mga Pangil Ni Gorgo (3)**
JD Ronquillo / Franklin Batolinao

40 **Ang Babaeng Pinangakuan (4)**
Alquin M. Pulido / Arnel R. Coronel

43 **Lover Boy (5)**
Elena M. Patron / Rico Rival

46 **Sa Mundong Iyon... (44)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos

49 **Mr. DJ. P'wede Bang...**
Neri Jedeliz / Nestor Malgapo

54 **Doro Dora**
William Contreras

TULA

56 **Takipsilim**
Allan Popa

KOLUM

18 **Basa Tayo**
John Iremil Teodoro

20 **Epektibong Pagtuturo**
Pat V. Villafuerte

22 **Buklat/Mulat**
Dr. Eugene Y. Evasco

33 **Tatak Pilipino**
Boy A. Silverio

52 **Pag-Usapan Natin!**
Kuya Sam

52 **Magluto Tayo**
Mareng Lena

SHOWBIZ

34 **Michael De Mesa, Humahataw Sa Pelikula At Telebisyon**
Nonie V. Nicasio

35 **Kris Lawrence, Bukod Sa Pagiging Mahusay...**
Maricris V. Nicasio

35 **Showbiz Tribya**
Julio Silverio, Jr.

LIBANGAN

36 **Astrolohiya**
Madame Sharona

54 **Magtawanan Tayo!**
Anthony Locsin

54 **Math Puzzle**
Rosemarie Adaya

54 **Palaisipan**
Jose Marie Gallego

16



56

MAIKLING KUWENTO

Usan

Ni JENG GUANSING-DE DIOS

ISA lang ang tabas ng buhay ko araw-araw: magigising dahil sa pagtama ng sikat ng araw galing sa nakabukas na bintana ng aking kuwarto, babangon, kukusutin ang inaantok pang mga mata, magsisipilyo at maliligo, pagkatapos ay pagtitiyagaang kainin ang walang kamatayang almusal na inihahain ni Tiya Poleng—pandesal na walang laman kundi hangin at kapeng mas may lasa pa yata ang tubig na pinagbabaran ng pustiso niya. Pagkatapos, magtutungo ako sa sarili kong *flower shop*. At doon, maghapong maiinggit sa mga pinagpalang babaeng ibinibili ng bulaklak ng kung sino-sinong kabaro ni Adan.

Minsan, nakapapagod. Madalas, nakababaliw.

"O, kain na, Joy. Bilisan mo na't lalamig ang pandesal at kape. Ansarap-sarap pa naman ng mga ito 'pag mainit."

Napasimangot ako. Masama mang tumanggi sa grasya, pero naaalibadbaran na talaga ako sa pandesal na ito ni Tata Mayong. Kung hindi lang talagang masasaktan ni Tiya Poleng, matagal ko nang binasag ang kanyang *trip* tungkol sa

(Sundan sa pahina 19)



Pumuti na ang buhok ng kanyang Tiya Poleng. Hindi na iitim iyon. Tapos na ang gampanin nito sa mundo. At siya, unti-unti na ring tinutubuan ng ukan, at kailangan niyang magmadali kung ano ang landas na gusto niyang tahakin...

NOBELA

KASAYSAYAN NG KALIBUTAN

Ni EDGAR CALABIA SAMAR

ANG NAKARAAN: Si Pat ang Tagapagmana ng Matandang Nuno sa Punso na siyang pinakamakapangyarihan sa buong Tahilan. Mula sa Isakán, naglakbay siya patungong Kumpis, ang pinakatimog na punso ng Tahilan para dumalo sa pagdiriwang ng Pag-angat sa Walong Taon at para sa isang bagay na hindi pa niya sinasabi sa mga kasama niyang mandirigmang tamawo. Pagdating sa Gulod ng Kumpis, sinalubong sila ni Celeste, ang Bathaluman ng Kumpis, na hindi tulad ng ibang Bathaluman ay may sarili niyang tikbalang. Nang makaharap ni Pat ang Nuno ng Kumpis na si Mapulon, nagulat siya na mukhang mas malakas at magilas ito kaysa sa larawan nitong nahubog sa isip niya dahil sa pangmamaliit dito ng ama niya sa tuwing nababanggit ang pangalan nito. Sa pagsisimula ng programa para sa pagdiriwang, sumama si Pat kina Mapulon at Celeste sa tambúsan ng Tugatog. Nang makita ni Pat ang mahigit tatlong yutang diwata sa Sentro ng Gulod, saka niya naalala ang nakita niyang binatilyong diwata sa Daang Tahilan na nananatiling nakayapak sa lupa. Sa pamamagitan ng isang darako, hinanap niya sa yuta-yutang diwata ang binatilyo. Nang makita niya ito, saka naman nangyari ang malakas na pagyanig ng lupa. Nang magsimulang gumuho ang mga gusali sa paligid ng Sentro ng Gulod, saka nakita ni Pat ang pagbabago ng anyo ng binatilyong sinusundan ng darako niya.

Wala pa ring malay si Aling Ana habang kandong ang ulunan nito ni Hal. Kanina pa tumigil ang pagyanig ng lupa.

MAIKLING KUWENTO

KUNG MAGING TAYO...

Ni ARMANDO T. JAVIER

"HINDI na darating 'yon..."

Kilala ni Susan ang boses. Nang lumingon nga siya sa kanyang kaliwa, nakaupo sa bisikleta ng *pedicab* si Teng, nakangisi. Pumedal ito palapit sa kanyang kinatatayuan.

"'Lika na. Ako na'ng maghahatid sa 'yo..."

Napapahikab na nga siya sa puyat. Madaling-araw na, nakasakay nang lahat ang kasamahan niya sa *club* ay naroon pa rin siya, umaasang darating si Tony at susunduin siya. Hindi tumitinag si Teng sa pagkakatapat ng *pedicab* nito sa kanya.

"'Lika na..." ulit nito.

Nagpalinga-linga pa muna uli si Susan, at nang hindi makita ni anino ng taksi ni Tony, humakban siya't sumakay sa *pedicab*.

May tiwala naman siya kay Teng. Kahit pasaway ito sa kanilang barangay (naghahamon ng away kapag nasosobrahan sa alak), minsan na rin naman siyang nailigtas nito sa tangkang pangmomolestiya. Bagu-bago pa lamang siya noon sa barangay, hindi pa niya nakikilala si Tony, at minsang umuwi siya nang madaling-araw, isang matipunong lalaking kundi lasing ay nakadroga ang humarang sa kanya. Niyapos siya, tangka pang halikan at dinaklot siya sa kanyang dibdib. Nagpipiglas siya, humingi ng saklolo pero dahil siga roon ang lalaki, walang nangahas na tumulong. Madilim na sa bahaging iyon ng kalsada. (Malimit na batuhin ng mga sutil na kabataan ang ilaw sa poste.) Binabatak siya ng lalaki patungo sa isang nakaparadang sira at abandonadong kotse, tangka siyang reypin. Naisalya nga siya nito papasok sa likurang upuan at akmang dadaluhungin nang mula sa likuran nito'y sumulpot ang lalaking iyon: kabataan pa, at bigla na lamang pinalo ng bote ang lasing na lalaki. Inulit-ulit nit hanggang sa tuluyang malugmok at mawalan nang malay ang kanya sanang *rapist*; sumubsob n

BÁSA TAYO
Ni JOHN IREMIL TEODORO

Ang tula ayon kay Romulo P. Baquiran, Jr.

SA tulang "Talinghaga" naglatag si Romulo P. Baquiran, Jr. ng kaniyang pagpapakahulugan sa tula. Aniya, "Bunga't bulaklak ng tinubuang lupain ng wika / Kinandili ng halakhak, luha't rubdob ng makata / Pinagyaman ng karanasa't kasaysayan ng madla (58)." Ang tulang ito ay nalathala sa libro niyang *Onyx* na inilathala ng University of the Philippines Press noong 2003 at kasama sa kaniyang bagong libro na *Ibig: Mga Pili at Bagong Tula* na inilathala ng LIRA noong 2017 na pinamatnugutan ng makata ring Niles Jordan D. Breis.

Maganda ang pamagat ng libro—*Ibig*. Pamagat itong nagbibigay ng kahulugan ng tula. Inaalingawngaw ng "ibig" ang salita para sa tula ng mga Sebwano na 'balak." Parang "ibig sumulat" o "balak sumulat." Ayon na rin nga sa tulang "Talinghaga," talagang sadya, o binabalak, o katuparan ng ibig ng makata ang tula. Kinakandili ito ng kasiyahan at kabiguan ng makata, at pinagyayaman ng karanasan at kasaysayan hindi lamang ng makata kundi ng lipunan mismong kinabibilangan niya.

Ang librong ito ay binubuo ng 90 tula. Dalawampung tula lamang ang bago na bumubuo sa huling seksiyon na may pamagat na "Ibig." Ang ibang tula ay pinili mula sa unang tatlong libro ng tula ni Baquiran: *Mga Tula ng Paglusong* (Anvil, 1992), *Onyx* (UP Press, 2003), at *Kung Nanaisin* (UP Press, 2012).

Kung susuriin ang apat na seksiyon ng librong *Ibig*, sang-ayon ako sa binanggit ng editor ng libro na si Breis sa kaniyang maikling "Pauna" na, "si Baquiran ay totoong sumailalim sa malaking ebolusyon ng kaniyang pagtula (xi)." Lahat naman yata ng manunulat, kung patuloy na nagsusulat mula kabataan hanggang katandaan (hindi pa naman talaga matanda si Baquiran) ay makikita ang ebolusyon ng pagsusulat nila sa aspektong porma at nilalaman.

Sa seksiyong "Mga Tula ng Paglusong" pagtingin pa lang sa mga pamagat ng tula ay mababanaag kaagad ang kamalayang sosyal o ang pagiging aktibista ng sensibilidad ni Baquiran. Katulad na lamang ng mga tulang "Matapos Mamitas ng mga Alambreng Bulaklak sa Mendiola," "Bancao, Pag-aalsang 1621 Leyte," at "Sa mga Batang Muro-ami." Sabi sa huling tatlong linya ng "Matapos Mamitas…," "Kaibigan, nasaksihan natin ang pagwagayway ng kapayapaan / at ang pagtarak ng mga alambreng bulaklak sa ating mga palad / makaraang nagdiriwang na pitasin ang mga ito sa Mendiola (17)." Kailangang dumanak ng dugo upang makamit ang kalayaan.

Sa "Onyx" lumulusong na ang mga tula ni Baquiran sa kamalayang personal at emosyonal. Katulad na lamang sa tulang "Makiling Suite" na ang persona, ang boses na nagsasalita sa tula, ay nangungulila sa taong minamahal na iniwan siya o hindi niya nakakasama. "Bakit mo ako iniwan sa gubat? / Akala ko'y muli akong hubad na magdiriwang / sa damuhan ng iyong pagmamahal, / hihiga sa sariwang dahon ng iyong dibdib, / at lalanghap ng tag-araw sa iyong hininga (62)," ang sabi sa unang saknong. Pansinin ang mga matingkad na imahen na naglalarawan sa pagtatalik na puno ng pagmamahal. Kung babasahin ang buong tula, malalaman ng mambabasa na ang mangingibig na nang-iwan ay isang rebelde na namumundok upang ipaglaban ang bayan kayâ nahihiwalay sa iniibig. Samakatwid, ekstensiyon pa rin ang paksang ito mula sa "Mga Tula ng Paglusong."

Sa "Kung Nanaisin" naging masidhi ang pagnanasa ng mga persona na maging malaya sa buhay pag-ibig at sa pagtaguyod ng sining. Ang persona sa tulang "Mananayaw" ay nagbibigay-pugay sa galing at sining ni Romula Nijinsky, isang Hungarian na artista at mananayaw. "Ang paglaya ay simula / ng pag-ako sa di-maabot: / kristong nahugutan ng pako sa paa / ang hantungan ng pag-ilanlang mo (114)," ang sabi ng pang-apat na saknong. Bagamat sayaw ang paksa ng tula, maaaring tinutukoy rin ang ibang uri ng sining dito kasama na ang sining ng panulaan. Parang sinasabi rito na ang sining ay mapagpalaya at pagyakap sa isang pangarap kaya mang abutin o hindi. Malakas ang dating ng imahen ni Hesukristo na natanggalan ng pako sa paa kayâ malaya na subalit iniinda pa rin ang sakit ng sugat dahil sa pagsalba sa kasalanan ng sanlibutan.

Ang isang dumudugtong sa hininga ng mga tula ni Baquiran mula noon hanggang ngayon ay ang kakayahan niyang humabi ng mga simpleng salita upang lumikha ng mga matingkad na imahen upang pangalanan ang kaniyang mga nararamdaman at naiisip. Mula "Mga Tula ng Paglusong" hanggang "Ibig," kita-kita ang pagbago ng porma ng panulaan ni Baquiran. Mas pormal ang pananaludtod sa "Paglusong" samantalang mas malaya na ang taludturan sa "Ibig."

Bagamat kapansin-pansin ang angas ng kamalayang sosyal sa "Mga Tula ng Paglusong" lumalakas ang danas ng personal at emosyonal sa sumunod na tatlong seksiyon, lagi't lagi tàlagang binabalikan ni Baquiran ang mga kapuwa nating Filipino na nasa laylayan ng makamayaman nating lipunan. Halimbawa sa tulang "Puta" binigyang boses ni Baquiran ang isang babaeng nagbebenta ng laman. Lumalabas na hindi biktima ang puta kundi isang propesyonal na manggagawa na nauunawaan ang halaga ng kaniyang trabaho na pasayahin, paligayahin, ang kaniyang mga parokyano.



Ang pinakahuling tula sa librong ito ay ang "Ang Nagbabagang Langit." Una itong nalathala sa antolohiyang *Agam: Filipino Narratives on Uncertainty and Climate Change* na inilathala ng Institute for Climate Change and Sustainable Cities noong 2014. Sa tulang ito ay kapansin-pansin na ang paglakas ng kamalayang makakalikasan ni Baquiran. "Ano ang nangyari sa dagat? / Nagsilang ng mga unos. / Sa isang iglap / nariyan, nariyan na / ang ragasa ng alon (146)," ang sabi sa isang saknong. Dahil sa pagsasaula nating mga tao sa kapaligiran at kalikasan, nagiging malupit na ang dagat sa atin. Nabubuntis na ito ng mga malakas na bagyo.

Mahalaga ang pagkalathala nitong librong *Ibig: Mga Pili at Bagong Tula* ni Baquiran para sa mga mambabasa ng tula na gustong makita ang kaniyang *development* bilang makata. Mas lalong mahalaga ito sa mga mambabasang nangangarap maging mahusay na makata sa alin mang wika sa ating bansa dahil walang dudang isa sa pinakamagaling na makata si Baquiran hindi lamang dito sa Filipinas kundi sa buong Asya sa ating panahon.

Propesor ng literatura at malikhaing pagsulat si Baquiran sa Kolehiyo ng Arte at Literatura sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Isa siya sa mga orihinal na kasapi ng Linangan sa Arte at Literatura (LIRA) na umusbong sa Rio Alma Poetry Clinic. Aktibong opisyal din siya ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas. Isa rin siyang kritiko na may-akda ng librong ng kritisismo na *Hiwatig* na inilathala ng UP Press noong 2015 at naging *finalist* sa National Book Award ng Manila Critics Circle at National Book Development Board. Ilang beses na nagwagi ng Palanca ang kaniyang mga tula. Tumanggap siya ng SEAWrite Award mula sa hari ng Thailand noong 2011.

EPEKTIBONG PAGTUTURO
Ni PAT V. VILLAFUERTE

Ang Kahalagahan ng Paggam ng Wikang Pambansa

"ANG karamihan sa mga sagabal o kasiraang umiiral ngayon ay dahil sa pangyayaring wala tayong isang wikang pambansa na ating sarili. Ang hangad na gayahin ang lahat ng bagay na dayuhan, nang hindi nalalaman kung yaong ating ginagawa ay mabuti o masama, ay bunga ng isang kasamaan - - ang kawalan ng isang tunay na diwang pambansa. Hindi makaiiral ang isang wikang pambansa roon sa walang wikang panlahat. Hindi tayo magkakaroon ng kailanman ng tunay na pagkakilala sa ating karangalan bilang isang bansa hangga't wala tayong wika na sarili natin."

Ang pahayag sa itaas ay binigkas sa talumpati ni Pangulong Manuel Luis Quezon sa dinaluhan niyang pulong noong hangarin niyang magkaroon ng pambansang wika ang Pilipinas. At sa pagdaraan ng mga taon ng pag-aaral, pagsusuri. pagpupulong, pagmumungkahi, at pagtatalo ay naganap ang makasaysayang deliberasyon at naisabatas ang pagkakaroon ng Pilipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas na ibinatay sa Tagalog noong 1935. Isang pagpapatunay na kailangan ang matibay na pundasyon at dumaan sa makatarungang proseso ang pagsasabatas ng wikang pambansa.

Bakit mahalagang magkaroon ng wikang pambasa?

1. **Kaluluwa ng ating bansa.** Ang pagpapahalaga sa isang katutubong wikang pambansa ay pinatunayan ng pagkakaroon ng kaukulang probisyon sa Saligang Batas ng 1898, 1935, 1973 at 1987. Sa mga probisyong nabanggit, pinaalab nating mga Pilipino ang pagmamahal sa bayan gamit ang wikang pambansa sa pagbuo ng pambansang kamalayan. Kung noong mga nakaraang panahon ay pinahalagahan at napanatili sa ating isipan at kaluluwa ang kaisipang "Isang Bansa, Isang Wika", dumating ang panahong nahikayat tayong yakapin ang higit na mahalagang panukat sa katatagan ng ating bansa, ang konseptong "Isang Bansa, Maraming Wika." Muling binuhay sa maraming pananaliksik sa wika ang ilang wikang hindi na gaanong napag-uukulan ng pansin. Isinaalang-alang sa maraming pag-aaral ang pagtuklas sa mahigit na 176 na buhay na buhay na wika sa bansa. Dahil may pambansang wika ang isang bansa, mayroon itong kasaysayan, katuturan, kultura at kaluluwa.

2. **Instrumento sa pakikipagtalastasan**. Mabilis at mabisang naipahahayag ang ating kaisipan at damdamin sa paggamit ng Filipino sa iba't ibang larang edukasyon, batas, ekonomiya, agrikultura, politika, kalusugan, media, agham, teknolohiya at iba pa, kabilang ang tapat at mabuting pamamahala, reporma at pangangalaga sa kapakanan ng bawat mamamayang Pilipino. Malaki ang paniniwala ng mga adukador at mananaliksik na lalong tumitibay ang pambansang wika kung patuloy na ginagamit partikular sa komunikasyong pabigkas at pasulat. Ito ang panimulang gawain upang maintelektuwalisado ang wikang Filipino. Isama pa rito ang panghihiram ng dayuhang wika, ang pagsasalin ng mga ito sa wikang Filipino at sa pamamagitan ng paglikha ng mga bagong salita na matatawag nating ating-atin. Malaking tulong din ang magagawa ng Republic Act Number 11106, na lalong kilala sa tawag na "The Filipino Sign Language Act" na pinirmahan ni Pangulong Rodrigo Duterte noog Oktubre 2018 na kumikilala sa paggamit ng mga senyas at muwestra sa pakikipagtalastasan para sa mga may kapansanan sa pandinig.

3. **Tagapagpalaganap ng kamalayan at pag-unawa.** Sa mga layunin at kasaklawang internasyonal ay hindi mapasusubaliang wikang internasyonal ang gamit, sa mga layunin at kasaklawang panrehiyonal, wikang rehiyonal ang gamit, subalit sa mga layunin at kasaklawang pambansa, marapat lamang na wikang pambansa ang gamit. Ito'y pagpapatunay na nasusunod ang proseso ng multilingguwalismo na nauugnay sa ipinatutupad na edukasyong multilingguwal. Kung tayo'y busog sa patuloy r pagtanggap at paggamit ng wikang Filipino, higit na magigir masigla, buhay at optimistiko ang kamalayang sumasanib sa ating buong pagkatao. Sa palagay ko, ang ilang kamalayang dapat mabigyan ng empasis sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa ating kapaligiran ay ang (1) kamalayan sa pangangalaga sa wika at kalikasan, (2) kamalayan sa paghub ng karapatang pantao, (3) kamalayan sa iba't ibang sektor ng kabuhayan gaya ng agri-industriyal, industriyang akwa-kult (4) kamalayan sa wastong paggamit ng materyales na bigay r kalikasan at kapaligiran , (5) kamalayan sa iba't ibang batas r dapat maipatupad sa ating mga mamamayan upang higit na umunlad ang ating pamumuhay sa loob at labas ng bansa; at pa.

4. **Tagatugon sa suliraning pang-edukasyon at panlipun** Naging mabisang esensiyal ang wikang pambansa sa pagkilala sa layunin ng edukasyon, ang Edukasyon para sa Lahat (Education for All) na pinasimulang ipinatupad ng United Nations noong 2015. Pambansang wika ang ginamit at patuloy na ginagamit ng mga mag-aaral para malinang ang kanilang pagkamalikhain at paggamit ng kritikal na pag iisip. Nakapaloob din dito ang pagpapalawig ng maagang edukasyon, pangangalaga sa kabataan at ang paglalaan ng li at pandaigdigang edukasyon para sa lahat.

Sa antas elementarya ng K to 12 kurikulum, may Pamantayan sa Programa o *Core Learning Standards* ang Kagawaran ng Edukasyon: *Nagagamit ang wikang Filipino upang madaling maunawaan at maipaliwanag ang mga kaalaman araling pangnilalaman, magamit ang wastong salita sa pagpapaha ng sariling kaisipan, damdamin o karanasan nang may lubos na paggalang sa kultura na nagbibigay at tumatanggap ng mensahe.*

Taglay rin dito ang Pangunahing Pamantayan ng Bawat Yugto o *Key Stage Standards: Maipakita ang kasanayan sa pag-unawa at pag-iisip sa mga narinig at nabasang teksto sa Baitang 1-3,* at *pagtuklas at pagdama sa pabigkas at pasulat na mga teksto pagpahayag nang mabisa ang mga ibig sabihin at nadarama sa Ba 4-6.*

Sa *Junior High School*, ang Pangunahing Pamantayan ng Bawat Yugto o *Key Stage Standards: Naipamamalas ang kakaya komunikatibo, replektibo / mapanuring pag-iisip, at pagpapahalag pampanitikan sa tulong ng mga akdang pampanitikang rehiyonal, pambansa, saling-tekstong Asyano at pandaigdig at teknolohiya u matamo ang kultural na literasi sa Baitang 7-10; at Naipamamala ang kakayahang komunikatibo, replektibo / mapanuring pag-iisip pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng iba't ibang disiplina teknolohiya upang magkaroon ng akademikong pag-unawa.*

5. **Lundayan ng malikhain at kritikal na pag-iisip.** Hinc mabilang ang mga tanyag na makata, manunulat, mananay mandudula at kritiko ng panitikang Filipino. Lumaganap na rin ang iba't ibang patimpalak pampanitikan sa lahat ng kategoryang pampanitikan: tula, maikling kuwento, sanays dula, maikling kuwentong pambata, dulang may isang yug dulang may ganap na haba, dulang pampelikula, at iba pa. Nakikilala na rin ang mahuhusay bumigkas ng wikang Fili sa larang ng pagkukuwento, pagtatalumpati, pagsasatao, pagsasadula at pagtatanghal ng sabayang bigkas. Wikang Filipino ang pangunahing salik upang ang lahat ng kasangl ay maging matagumpay.

BUKLAT/MULAT
Ni DR. EUGENE YAMBOT EVASCO

Ang Sining ng Pagdidisenyo ng Aklat Pambata: Panayam kay Daniel Palma Tayona

(IKAAPAT NA LABAS)

E: Paano masasabing mainam ang isang pabalat ng aklat pambata?

DT: Nabibihag ng pinakaepektibong disenyo ng pabalat ang atensiyon ng tiyak na mambabasa at naglalaan ng pinakamainam na pangako ng karanasan.

Nilulutas ng *designer* ang mga suliraning inihain sa kaniya ng tagapaglathala. Hahanap siya ng pinakamainam at pinakaakmang solusyon para sa *design problem* at isasalin niya ito sa isang aklat na may epektibong dating sa mga mambabasa. Ito ang karaniwang proseso ng mainam na *book design production*. At ang pabalat ng aklat ang unang patunay na gumagana ang naturang proseso.



Ang pabalat ay mukha ng aklat. Ito ang bahagi na tumutukoy sa pangakong ihahatid ng nilalaman para sa mga mambabasa. Sa pagbabalik-tanaw, noong ako'y labindalawang taong gulang, ibinabatay ko sa antas ng misteryo sa pabalat ang pagbili ng mga aklat ng *Hardy Boys*. Ang pabalat ay naghahain ng pangako ng mga posibleng pakikipagsapalaran na aking pagdadaanan sa pagbuklat at pagbasa ng nilalaman ng aklat.

Ang epektibong pabalat ay nagbibigay ng mabilisang sulyap sa mga posibilidad na tinataglay ng nilalaman. Nararapat na naghahatid ito ng emosyon sa pamamagitan ng paggamit ng *invisible* at *visible* na *design cues*—maikli at nakapupukaw na pamagat, kulay na nagbibigay ng pangunang pakiramdam sa nilalaman, at maging ang pagkakaayos ng pamagat o kung ito'y pinalalaki (o hindi) sa pabalat, ay nagpapahiwatig sa mambabasa kung ano ang pangako ng nilalaman.

EE: May *typography* ba na para lamang sa mga bata?

DT: (Natawa.) Sa tingin ko'y wala. Ang pinaniniwalaan ko, may mga tiyak na paggamit o pang-aabuso sa mga tipograpiya na maaaring makapahamak sa katalinuhan ng bata. Hindi naman ako "anti-Comic Sans" gaya na kadalasang sentimiyento ng mga *graphic designer*. Ngunit ako ay tutol sa mga hindi batid kung ano ang *font* na gagamitin sa tono ng isang kuwento. Bilang halimbawa, kapag ang kuwento ay malungkot, gagamit ako ng *font* na sasalamin sa pakiramdam na ito, maaaring isang *font* na *serif-type* (ang mga *serif* ay ang maliliit na linyang palamuti na ginagamit pandagdag sa batayang anyo ng titik) na isang *mid-weight* gaya ng Garamond o Bembo. Kapag ang kuwento ay isang abentura, maaaring Goudy ang gagamitin. Ang pamilya ng *font* na ito ay mainam gamitin kung nais bigyang-diin ang mga linya na nagpapamalas ng malalang emosyon. Mga payak, malalaki, at tila sulat-kamay na *font* ay ginagamit sa mga maiikling teksto para sa mga bata sa elementarya.

Ang labis na paggamit ng mga *handwritten font families*, gaya ng Comic Sans, at di-angkop na pagkakamit nito…iyon ang ikinagagalit ko.

EE: Napakahalaga ng tungkulin ng isang *book designer*. Pero bakit sila *invisible* sa industriya? Kadalasan, hindi sila nabibigyan ng akmang pagkilala sa paglalathala.

DT: Ito ay sa kadahilanang ang mainam na proyekto sa *book design* ay dumating lamang nitong mga huling dekada. At karamihan sa mga mahuhusay na *book designer* ay kawani ng mga palimbagan. Kakaunti rin ang mga *designer* na may abilidad na makapagsalita, makapag-*lecture*, o kaya'y makapagsulat ng kanilang pananaw sa proseso ng pagdidisenyo at sa kung ano ang mainam na disenyo.

Isa pang rason sa *invisibility* ay ang kalikasan ng proseso nito. Bukod sa pamamahala sa proseso ng pagdidisenyo, tungkulin ng isang *book designer* ang makipag-ugnayan sa tinatawag na "*invisible communication*." Inilalarawan ng *invisible communication* ang paraan kung paano ginagamit ang mga mensahe, emosyon, at halagahan na hindi lamang salita at larawan sa aklat. Maraming pamamaraan upang maisagawa ito tulad ng uri ng kulay na gagamitin, laki at uri ng *font*, pagkakaayos ng mga elemento sa pahina, at maging ang laki ng *margin* sa pahina. Isinasagawa niya ito at nakaaapekto ito sa mambabasa sa *subconscious* at *subliminal level*, at nakatutulong sa higit na pagpapahayag ng kuwentong nakasulat sa isang pahina. Bukod sa pagiging tagapamahala sa proseso ng pagdidisenyo, ang *book designer* ay isa ring *puppeteer*, tahimik na minamaniobra ang mga elemento upang makalikha ng panibagong antas sa pagkukuwento.

EE: Nauuso na sa ibang bansa ang *vintage design* at lumang *typography* sa mga aklat pambata. Ano ang masasabi mo rito?

DT: Tingin ko, ang mga tao'y nagiging *sentimental* lamang. Sa pagdating ng *digital age*, may mga disenyo at uri ng *font* na pinaunlad at higit na epektibo sa mga *user interface* ng *digital gadget* ngunit hindi naman mabisa sa mga nakalathalang pahina.

Noong dekada 1970 at 1980, ang tunguhin ng *book design* ay tungo sa mga *font* na *non-serif*, mga *graphic lay-out* na ginagaya ang matagumpay na *computer age* noon. Ito ay isang yugto ng transisyon nang nasa pagsisimula pa lamang ang *digital age*, at ang pangkalahatang *design trend* noon ay naging *jumping point* tungo sa disenyo ng mga *user interface*.

Nang dumating ang ika-21 na siglo at sumibol ang *internet* bilang pangunahing *highway* sa pagpapalitan ng impormasyon, ang mga *designer* ay nakalikha para sa *digital age* ng sariling *design language*. Nagbalik-tanaw naman ang mga *book designer* sa nakalipas, at muling humulma ng wika mula sa nakalipas, kung kaya nagkaroon ng pagdaluyong ng "*vintage look*" (makalumang anyo). Ito ang tugon ng sangkatauhan sa muling pagbabalik sa mga batayan ng nakalathalang anyo. Ito ay nagpapahayag ng seguridad sa anumang pamilyar.

DAGLI

Ni STEFANI J. ALVAREZ

BLUMENTRITT, SANTA CRUZ

HINDI na niya maalala kung kailan siya huling sumakay ng rutang pa-Blumentritt. Parang paroo't paritong mga dyipni ang bawat *flashback* na lumilitaw sa kaniyang balintataw. Paroo't parito. Ngunit malinaw sa kaniyang memorya ang isang lalaking nagtitinda ng yosi at kendi sa kanto, sa tapat ng isang *drugstore*, katabi ang isang *food chain*, kahelira ang iba pang *sidewalk vendors* sa kalyeng iyon. Ang mamang siyang kakuwentuhan niya habang nag-aabang ng dyip papunta sa trabaho, at muling magsisindi siya ng yosi pag-uwi niya mula sa Malate. Binalikan niya ang puwesto ng lalaking iyon makalipas ang isang dekada ngunit wala na roon.

Nagtanong-tanong siya sa mga katabing tindera, sa ilang mga tumatambay roon at maaaring may nakakakilala. Halos lahat nagsasabing wala silang balita, wala silang narinig tungkol sa matanda. Palibhasa'y hindi ito palaimik. Lagi itong tahimik. At isa nga sa ipinagtataka niya sa panahong iyon, kumbakit sila nagkakaroon ng mahabang kuwentuhan. Nagtataka rin ang ibang nakamasid at nakakapansin sa kanilang pag-uusap. Isang pag-uusap ng tila matalik na magkaibigang matagal nang nagkawalay. Isang pag-uusap na nasundan pa sa mga sumunod na maraming araw.

Tulad ng sinabi sa kaniya noon ng matandang lalaki habang rumaragasang tumatawid ang tren tuwing madaling-araw, *huwag mapagod sa pagbabakasakali*. Kung tatangayin man siya ng kapalaran sa abroad, iyon ang tanging payo sa kaniya ng matandang kausap.

Nasaan ka man ngayon, sana'y mabubuo natin ang ating mga kuwento. Ang naibulong niya sa maalikabok na kanto sa Blumentritt.

At naipangako niyang muli siyang magbabalik. Muli siyang magbabakasali.

MH DEL PILAR, ERMITA

MARAMING beses na silang nag-away ng kaniyang ina. At aminado siya, siya ang madalas na may kasalanan. Hanggang sa umalis siya ng kanilang bahay. *Talaga, lalayas ako!* paghihimagsik niya. Ang hirap maghanap ng *outlet* kung anumang problema mayroon sila ng kaniyang pamilya. Ang ginawa niyang paglalayas, alam niyang di tama, di sapat. Pero di ba paralelismo naman ang mga bagay-bagay kaya alam niyang may naghihintay pang pambawi kung saan man siya nagkulang?

Nakipagsapalaran sa Maynila ng anim na taon. Nagtrabaho bilang *waiter* sa mga *bar* sa Ermita. Tanda niya ang del Pilar *street* kung saan ang daan niya umaga't gabi. Dalawang kilometro ang haba nitong magdudugtong sa Ermita at Malate na minsa'y nilakad niya sa paghahanap ng trabaho. Bukod sa mga *hotel, restaurant* at establisyamento, madadaanan din ang mismong bungad ng Ermita Church na kaharap ang dalampasigan ng Manila Bay. Naalala niyang dito siya sandaling naupo noon sa kaharap na *fountain* habang sinisipsip ang biniling buko *juice*. Nag-alangan siyang pumasok sa simbahan. *Ang kapayaan ay sumainyo…* ang narinig niyang mga katagang patapos na ang misa. Ngunit ang totoo'y sa loob-loob niya, nakaramdam siya ng matinding *guilt* lalo na ang pagsuway sa kaniyang ina. Pinagmasdan na lang niya ang mga papalabas na mga tao mula sa loob ng katedral.

Sa kaniyang walang humpay na pagsuyod sa kahabaan ng del Pilar, napadpad siya sa isang *recruitment agency* na nagpapaalis ng mga manggagawang Pinoy papuntang Saudi Arabia. Nag-aalangan siyang ipaalam ang planong pangingibang-bayan. Naisip niyang wala rin naman sigurong pakialam ang kaniyang pamilya kung saan niya nais pumunta. Ni hindi nito tinanong kung kailan siya magbabalik sa kanilang probinsiya o kailan siya tuluyang uuwi sa kanila.

Mga tatlong buwan ang lumipas, lulan siya ng *taxi* habang binaybay ang huling kanto ng MH del Pilar papuntang NAIA. Handa na siyang tawirin ang milya-milyang layo papuntang Gitnang Silangan. *Aalis na po ako. Dalawang taon pa ang aking pag-uwi pagkatapos ng aking pinirmahang kontrata.* Ang huli niyang ipinadalang mensahe.

Naupo siya sa harap ng *boarding gate*. Hinintay ang *reply* ng kaniyang kahuli-hulihang ipinadalang *text message*.

Flight SV871 bound to Dammam, Saudi Arabia is now boarding, ang narinig niyang anunsiyo sa *intercom*.

At tila pagtatapos ng misa, nagsitayuan ang sandaang pasahero at marahang pumasok sa pinto ng eroplano. Parang pamamanata, parang prusisyon. Tahimik niyang sinundan ang napakahabang pila. Kasintahimik ng kaniyang mga sulyap sa hawak-hawak niyang *cellphone*.

SAN ANDRES BUKID, MANILA

CNO 2? Tinext niya ang isang numerong di niya nasagot dahil nasa trabaho siya.

Jowa mo! Ahahaha! Ang *reply* naman nito.

Nahulaan na niya agad. Naalala niya ang isang *seaman*, at naging kaibigan nang panahong pareho silang naghahanap ng trabaho. Nakasabay niya ito noon sa paglalakad-lakad sa mga eskinitang may nakahelirang *recruitment agency* sa Ermita. Kakalabas lang niya mula sa *night shift*, pero agad siyang umoo sa imbitasyon ng kaibigang kakababa lang mula sa anim na buwang pagsampa sa barko. Sa sobrang antok, napaidlip siya habang nakaupo sa *front seat* ng isang pampasaherong dyip pa-San Andres, Bukid. Umalog ang dyip nang madaanan nito ang riles. Malapit na siya sa kaniyang pupuntahan. Saglit niyang nilingon ang magkabilang direksiyon ng riles. Madilim man ngunit masisilayan ang mga mapapanglaw na dagitab na lumalambong sa kabahayang nakatirik sa gilid ng daang-bakal. Napangiti siya. Ito ang dati nilang nakakagawian. Pareho nilang sinisilip ang magkabilang lagusan ng tren. At tahimik na magtatagpo ang kanilang mga mata. Huhulaan nila ang anumang bagay na kanilang nakita. Manlilibre ng pamasahe ang taya.

Pumara siya sa kabilang kanto. Naroon naghihintay ang kaibigan. Agad siyang niyakap nito. *Kumusta ka na?*

Tahimik lang niya itong tinitigan.

Tinitigan din siya ng kaibigan. *Andaya mo.*

Taya ka.

At nasundan iyon ng tawanan.

Kumusta ka na?

Heto, byuti pa rin. Pagpapatawa niya.

Tara na. At inakbayan siya ng *seaman*.

Sa totoo lang, nahihiya siyang sumama lalo na sa inuupahan nitong *boarding house* noon. Naroon kasi ang *housemates* ng kaibigan at kung minsan, nagkakabiruan at tinutukso silang may namagitang hindi lang pagkakaibigan kundi pag-iibigan.

Nagpatuloy sila sa paglalakad. Sa apat na sulok ng kuwarto sa isang hotel sila naengganyong mamahinga. Ang kanilang muling pagtatagpo ay isang paghahanap ng matagal na nilang nahanap noon pa sa mga pasikot-sikot at mga eskinita sa Kamaynilaan. At ang tagpong ito ay mananatiling labirinto ng walang hangganan, ng walang sangandaan.

Mga Argumento sa Pagtanggal ng Filipino at Panitikan sa Edukasyong Tersiyarya

Ni EFREN R. ABUEG, PhD

NAGDESISYON ang Korte Suprema (KS) kamakailan na panigan ang Kautusan Blg. 20 ng Commission on Higher Education (CHED) na alisin na ang Filipino at ang Panitikan (pati na ang Konstitusyon ng Pilipinas) sa mga "*core subject*" o batayang mga aralin sa edukasyong tersiyarya o sa kolehiyo at unibersidad. Narito ang "magkabilang mukha" ng kontrobersiyal na isyu ngayon sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas tungo sa pagsisikap nitong makapantay sa istandard ng pagkatuto ng lalong mauunlad na mga bansa sa mundo.



Mga larawang mula sa Google

Una, ikinatwiran sa desisyon ng KS na *inilipat* na ang mga aralin sa wikang Filipino at sa Panitikan sa K-12 na kinontra naman ng mga tutol dito *dahil "iba (naman) ang deskripsiyon" ng mga aralin sa wikang Filipino at sa Panitikan sa mga kolehiyo at unibersidad kaysa sa mga aralin sa kurikulum ng K-12.*

Ikalawa, sinabi rin ng KS na malaya naman at hindi hinahadlangan ng CHED ang mga administrador ng mga kolehiyo at unibersidad na *magdagdag* ang mga ito ng aralin sa Filipino at Panitikan sa kurikulum kung kailangan ang mga ito para sa kanila. *Ngunit para sa kabilang panig, "malaya" rin ang mga administrador na ito na HINDI magdagdag ng ganiyang mga aralin at sundin na lamang ang Kautusan Blg. 20 ng CHED na inaalis na ang araling Filipino at Panitikan.* Pagkilala ito ng KS sa pundasyon ng edukasyon sa mga bansang demokratiko—ang *academic freedom* o kalayaan ng mga kolehiyo at unibersidad na magdisenyo ng sariling kurikulum para sa kanilang mag-aaral.

Ikatlo, ikinakatwiran ng mga pabor sa desisyon ng KS na mga *subject* na panghanapbuhay o pampropesyonal lamang ang dapat pinag-aaralan sa mga kolehiyo at unibersidad o ang kaugnay sa mga "*career*" nito. *Ngunit sabi ng mga kontra na para maging "totoong tao" na may kamalayan sa mga tungkulin at pananagutan sa sariling bansa at hindi mekanisado o robot lamang sa kani-kanilang tinapos na mga kurso, kailangan ang "dagdag" na mga kaalaman sa humanidades o "luma at makabagong mga wika, panitikan, pilosopiya, kasaysayan, pagkabuo/pagkaunlad ng mga lipunan, batas, politika, relihiyon at (mga) sining" para "maibukod" sila na maka-Diyos na "kumikilos" tungo sa pagkakaroon ng pantay na oportunidad ng lahat sa mga pangangailangan para mabuhay ang bawat isa sa lipunang ito.*

Ikaapat, tinapat na ng mga pabor sa desisyon ng KS ang bintang ng mga "*nationalist*" o kritiko para sa bayan na ibinukas na ang daan para "matapyasan" na (ng mga aralin) ang *core curriculum* (batayang pangangailangan ng kurso) para makatuon ang tersiyary nang edukasyon sa "mataas na antas ng pagkatuto (*higher level learning*), mga kakayahan sa risert at pagsusulat, na ***makatwirang ipalagay*** na para lamang ito sa wikang Ingles (*presumably in* English) nang maihanda ang mga estudyante para sa negosyo o trabaho o pag-intindi sa ekonomiyang *global*. Sinasabi pa na magaan ang timbang (parang boksing) ng kakayahang Pilipino sa mga kumpetisyon sa kaalaman sa ekonomiyang pandaigdig ngayon, kaya ibinibintang ng mga *nationalist* na pinaniniwala ang sambayanang Pilipino (lalo na ang mahihirap, ang nasa gitnang-uri at papaakyat sa itaas ng lipunan) na "uunlad lamang ang Pilipinas" kung sasabayan ang pandaigdigang karerang pangkabuhayan na pinamumunuan ng mga oligarko ng bansa, kaya kailangan ang mga "sundalong marunong ng wikang Ingles para (kanilang) "mamanduhan" at sumunod sa kanila. *Dito pumapasok ang pagpuna ng mga* ***nationalist*** *na dapat magtuon ng pansin ang mga ekonomista "natin" sa pagsisikap na ihulma ang pagpapaunlad ng kabuhayan ng bansa sa modelo ng mga bansang "umunlad munang panloob bago pumasok sa pakikipagkumptensiya sa ekonomiyang global.*

Ikalima, ikinatwiran ng KS na walang nalabag na probisyon sa mga batas na lumikha sa Komisyon ng Wikang Filipino (ukol sa wika) at ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) dahil hindi naman deretsahang sinasabi ng mga batas na iyon kung saang antas ng edukasyon kailangang ipaturo ang aralin sa wika (Filipino) at sa Panitikan. *Ayon naman sa kabilang panig, hindi ang simpleng interpretasyon ng mga batas ang kailangan sa ikalilinaw ng isyung ito kundi ang positibong pagkilos ng Kongreso at iba pang mga sangay ng gobyerno (lalo na ang CHED) para maipatupad ang mga probisyon ng Konstitusyon ukol sa Filipino bilang wika ng komunikasyon at pagtuturo na hinangad na ng maraming sektor noon pang termino ni Presidente Manuel Quezon hanggang ngayong nanunungkulan pa si Presidente Duterte.*

Ikaanim, sabi ng ibang sektor na "lumalaki" ang ekonomiya ng Pilipinas, kaya mabisa ang estratehiya ng paghahanda ng kabataang mag-aaral sa mga hanapbuhay na bunga ng "mabisang" paggamit ng wikang Ingles. *Sa kabilang dako, bakit hindi naman maintindihan ng malaking bahagi ng populasyon ng "ating" bansa kung bakit mahal ang bilihin at tumataas ang bilang ng mga mamamayang ibinibilang sa "pinakamamahirap" kung umuunlad nga*

Michael de Mesa, humahataw sa pelikula at telebisyon

Ni NONIE V. NICASIO

ANG *veteran actor* na si Michael de Mesa ay mula sa pamilya ng mga kilalang artista sa bansa. Ang *59 year old* na aktor ay panganay nina Rosemarie Gil at Eddie Mesa na itinuturing noon bilang Elvis Presley ng Filipinas.

Kapatid ni Michael ang mga premyadong alagad ng sining na sina Cherie Gil at ang namayapang si Mark Gil. Ang mga anak niya na sina Ryan, Geoff, at AJ Eigenmann mula sa *ex-wife* na si Gina Alajar ay pawang mga nasa *showbiz* din. Kabilang pa sa mga kadugong nag-aartista rin ay sina Andi Eigenmann, Sid Lucero, Gabby Eigenmann, Max Eigenmann, at iba pa.

Nagsimula si Michael sa *showbiz* noong 1975 sa edad na 16 *via the movie Araw-araw, Gabi-Gabi*. Matapos ang higit apat na dekada, aktibo pa rin siya sa pelikula at telebisyon. *Actually*, tila mas nagiging *indemand* pa ngayon ang aktor na naging direktor at *theater actor* din.

Walang dudang isang *versatile* na aktor si Michael dahil kaya niyang gumanap na isang ama, kapatid, anak, *ex-convict*, pulis, binabae, at marami pang ibang *roles*.

Taong 2016 nang napasali si Michael sa *top rating* teleseryeng *FPJ's Ang Probinsyano* na tinatampukan ni Coco Martin. Na mula sa pagiging isang pusakal na bilanggong si *Manager* ay naging PO1 Ramil D. Taduran sa tulong ni Presidente Oscar Hidalgo (Rowell Santiago) na kanilang iniligtas at tinulungang makabalik sa pagiging pangulo ng bansa.

Pinuri ni Michael ang bida ritong si Coco Martin. "Saludo ako sa taong 'yun, isa sa mga pinakamatalik kong kaibigan, isa sa mga taong mahal na mahal ko sa *showbiz*, sobra ang respeto ko sa batang iyan. Kasi hindi lang siya *hardworker*, pero napaka-*concerned*... iyong *concern* na ibinibigay niya sa mga tao, ibang klase talaga. Kaya sobra siyang *blessed*, sobrang *blessed* itong Probinsyano, at 'yung ibang *projects* na ginagawa niya, talagang tinatangkilik."

Ngayon, bukod sa teleseryeng kamakailan ay iniere ang kanilang *1000th episode*, tatlong pelikula ang tinatapos ni Michael.

Kabilang dito ang *Marineros* ni Direk Anthony Hernandez na gumaganap si Michael bilang isang dating *seaman* na nabulag, ang *horror film* ni Yam Laranas *titled Night Shift* na tinatampukan ni Yam Concepcion, at ang Nora Aunor *starrer* na *Isa Pang Bahaghari* ng premyadong direktor na si Joel Lamangnan. Bukod kina Nora at Michael, tampok din dito sina Phillip Salvador, Zanjoe Marudo, Sanya Lopez, Joseph Marco, Albie Casiño, Maris Racal, Lloyd Samartino, Hero Bautista, Fanny Serrano, Jim Pebanco, Shido Roxas, Marie Preizer, at iba pa.

Tungkol naman sa ***advocacy film*** **na Marineros** ng Golden Tiger Films na *showing* na sa September 20, *nationwide*, tiniyak ni Michael na makaka-*relate* sa *movie* nila ang maraming *seafarers* at OFWs.

"Makaka-*relate* po ang maraming *seaman* at OFW sa *movie* namin. Pinag-usapan dito yung matagal na wala sila sa kanilang pamilya at yung ibang *conflict* na nangyayari rin sa mga buhay ng *seaman*, na-*tackle* naman iyon," saad ni Michael.

Tampok din sa Marineros sina Ahron Villena, Valerie Concepcion, Claire Ruiz, Jon Lucas, Jef Gaitan, Moses Loyola, Paul Hernandez, si direk Anthony mismo *as* Marigold, at iba pa.



Maganda ang *physique* ngayon ni Michael dahil *regular* siyang nag-eensayo sa *gym*. Ito'y bilang pagpapahalaga sa kanyang *health* at *showbiz career*.

"Kasama na rin iyon sa *role* ko sa Ang Probinsyano...marami na ring ibang dahilan, siyempre hindi na tayo bata. *So*, opo, *for health reasons* dahil mayroon din akong mga apo na gusto ko namang makitang lumaki. Dapat nga rati ko pa ginawa e, pero at *least* ngayon siguro 'yung naging tamang panahon para sa akin para maging inspirasyon din sa iba," nakangiting saad pa niya.

Mayroon pa ba siyang *dream role* o anumang kulang pa sa kanya bilang artista?

"Ako, basta nagpapasalamat lang ako na nandito pa ako, nagpapasalamat ako na patuloy pa rin ang pagbibigay sa akin ng oportunidad para makapagtrabaho. Iyon lang naman ang gusto ko talaga, magtrabaho nang magtrabaho, mahasa pa nang mahasa at ma-*practice* ko iyong *craft* ko talaga," pahayag pa ni Michael.

TAKIPSILIM

Sa ganitong oras magsisimula siyang
umawit bago tuluyang dumilim.
Hindi ko maintindihan ang wika
bagamat hindi maikakaila
ang pangungulila sa kanyang tinig.
Tila namamaalam sa araw.
Kung minsan, iniisip kong oyayi itong
natutuhan niya sa sariling kabataan
sa malayong bayan at ngayon,
kinakanta sa anak na hindi niya kapiling,
sinisikap patulugin sa kabila ng layo.
Hindi ko siya kilala.
Hindi ko pa nakikita ang kanyang mukha.
Tangi ang awit niya ang nakatatawid
sa dingding na pumapagitan sa amin.
Iisa ang wika ng pangungulila,
iisa ang wika ng oyayi.
Madalas, hindi ko namamalayan,
napapapikit ako, tila nakikiisa
sa gabing marahil ay hindi ang gabing
unti-unting lumulukob sa amin.
Naging gawi ko nang abangan
ang kanyang malumanay na tinig
sa ganitong oras, hanggang isang araw,
tuluyan itong natahimik.
May himbing na sa labis na lalim
hindi nararating ng anumang awitin.

- ALLAN POPA